Pagrerepaso sa Inyong Pagiging Karapat-dapat para sa Karagdagang Tulong sa Mga Gastusin sa Plan para sa Iniresetang Gamot ng Medicare: Ilang Bagay na Dapat Ninyong Malaman

Kung makatanggap kayo ng Karagdagang Tulong sa inyong mga gastusin sa plan para sa Iniresetang Gamot ng Medicare, maaaring makipag-ugnayan sa inyo ang Social Security pana-panahon para repasuhin ang inyong katayuan. Sisiguraduhin sa pagrerepasong ito na karapat-dapat pa rin kayo para sa Karagdagang Tulong at makakatanggap pa rin ng lahat ng mga benepisyo na nararapat para sa inyo.

Kung hindi kayo mapili para marepaso, walang pagbabago na magaganap sa halaga ng Karagdagang Tulong na matatanggap ninyo.

Kailan gagawin ng Social Security ang pagrerepasong ito?

Ang mga pagrerepaso ay gagawin taon-taon, karaniwang sa katapusan ng Agosto.

Paano makikipag-ugnayan sa akin ang Social Security?

Padadalhan namin kayo ng isang form para makumpleto, na tinatawag na *Social Security Administration Review of Your Eligibility for Extra Help o Administratibong Pagrerepaso ng Social Security hinggil sa Inyong Pagiging Karapat-dapat para sa Karagdagang Tulong* (SSA-1026). Mayroon kayong 30 araw para makumpleto at isauli ang form na ito. Anumang mga kinakailangang pag-aayos sa Karagdagang Tulong ay magkakabisa sa Enero ng susunod na taon. Halimbawa, kung magpadala kami sa inyo ng isang form sa pagrerepaso sa Agosto 2015, at isauli ninyo ang form sa pagrerepaso sa loob ng 30 araw, anumang mga kinakailangang pagwawasto sa inyong Karagdagang Tulong ay magkakabisa sa Enero 2016.

Paano kung kailangan ko ng tulong sa pagkukumpleto ng form na ito?

Ang mga miyembro ng pamilya, mga tagapag-alaga at iba pang ikatlong panig ay maaaring makatulong sa inyong makumpleto ang form. Matutulungan rin kayo ng Social Security na sagutin ang inyong mga tanong. Basta't tumawag lang sa amin sa **1-800-772-1213**. Kung kayo ay bingi o may kahirapan sa pagdinig, mangyari lang tumawag sa aming numero ng TTY sa **1-800-325-0778**. Maaari rin kayong bumisita sa inyong lokal na tanggapan ng Social Security para makakuha ng tulong.

Anong uri ng pag-aayos ang gagawin para sa aking Karagdagang Tulong?

Isa sa mga sumusunod:

- Walang pagbabago sa halaga ng Karagdagang Tulong na inyong natatanggap;
- May pagtaas sa halaga ng Karagdagang Tulong na inyong natatanggap;
- May pagbaba sa halaga ng Karagdagang Tulong na inyong natatanggap; o
- Pagwawakas ng inyong Karagdagang Tulong

Ano ang mangyayari kung hindi ko isauli ang form sa pagrerepaso?

Ang inyong Karagdagang Tulong ay tatapusin sa Enero ng susunod na taon.

Paano ko malalaman kung ano ang naging desisyon ng Social Security sa pagrerepaso?

Padadalhan kayo ng Social Security ng isang liham na nagpapaliwanag sa inyo sa desisyon namin. Kung naniniwala kayo na ang determinasyon na ito ay hindi tama, may karapatan kayong magsampa ng apela dito. Ipapaliwanag rin sa liham ang inyong mga karapatan sa pag-apela.

Paano ako makakakuha ng mas maraming impormasyon?

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Karagdagang Tulong sa inyong mga gastusin sa plan para sa Iniresetang Gamot ng Medicare, o pangkalahatang impormasyon tungkol sa Social Security, bumisita sa ***www.socialsecurity.gov*** o tumawag sa Social Security sa **1-800-772-1213** (TTY **1-800-325-0778**). Kung tumawag kayo dahil may mga tanong kayo tungkol sa isang liham na natanggap ninyo, mangyari lang dalhin ang liham. Makakatulong ito sa amin na masagot ang inyong mga tanong.

Para sa impormasyon tungkol sa mga plan para sa Iniresetang Gamot ng Medicare at espesyal na panahon ng pagpapa-enroll, bumisita sa ***www.medicare.gov*** o tumawag sa **1-800-MEDICARE** (**1-800-633-4227**; TTY **1-877-486-2048**).

Social Security Administration
SSA Publication No. 05-10111-TL
Review of Your Eligibility for Extra Help With Medicare Prescription Drug Plan Costs: Some Things You Should Know (Tagalog)
November 2015 (Prior editions may be used)

Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito